



Figura 1. Paglabas ng kloro (Chlorine) mula sa isang nahulog na silindro

Pinagmulan: <https://www.voanews.com/a/jordan-negligence-responsible-for-aqaba-chlorine-tank-explosion-/6644453.html>

Ano Ang Nangyari?

Noong Hunyo 27, 2022, isang 25-toneladang isotainer ng likidong gas na kloro ang ikinakarga sa isang barko gamit ang isang kreyn sa Aqaba, Jordan. Naputol ang pang-aangat na kable, at bumagsak ang tangke sa palapag ng barko at nabasag. Isang malaking ulap ng nakakalasang dilaw na gas ng kloro ang nabuo at ang mga manggagawa ay lumikas sa lugar. Labintatlo katao ang namatay at humigit-kumulang 300 iba pa ang naospital.

Sinabi ng mga opisyal na ang bigat ng tangke ay "tatlong beses na mas mataas kaysa sa kapasidad ng pagkarga ng kable," at ang mga kinakailangang hakbang sa kaligtasan para sa pagharap sa naturang mapanganib na materyal ay wala sa lugar. Walang kwalipikadong tao ang nasa palapag noong panahong iyon upang suriin ang mga kagamitan at pamamaraan sa pag-aangat.

Sabi ng mga eksperto na ang insidente ay maaaring maging isang sakuna kung ang dose-dosenang mga manggagawa pagkatapos ng rilyebo ay hindi umalis sa lugar bago ang pagtagas. Sa kabutihang palad, natangay din ng hangin ang nakalalasang gas palayo sa mga matataong lugar sa daungan patungo sa labas ng disyerto.

Ang mga pag-iingat ay dapat gawin sa panahon ng mga operasyon ng pagbabawas ng kemikal kung sakaling may mga tagas, maging ang mga materyales ay solido, likido o gas. Sa kasong ito, mayroong isang bilang ng mga tao na malapit sa lugar ng pagkarga na hindi kailangang naroroon sa oras ng insidente.

Alam Mo Ba?

- Ang mga nakakalason na gas ay maaaring magdulot ng mga nakakalason na epekto sa medyo mababang konsentrasyon kapag lumapat sa katawan ng tao.
- Ang mga nakakalason na gas ay karaniwang nakagrupa bilang mga nakakairita tulad ng kloro at amonya, mga asphyxiant tulad ng nitroheno at carbon monoxide, pampamanhid tulad ng nitrous oxide, at mga espesyal na nakakalason tulad ng hydrogen sulfide at hydrogen cyanide.
- Ang paglanghap ng mga nakakalason na gas ay maaaring mabilis na nakamamatay dahil ang mga baga ay nagbibigay ng direktang ruta patungo sa daluyan ng dugo. Ang ilang mga materyales ay maaari ding masipsip sa pamamagitan ng balat at mga mata.
- Ang mga nakakalason na gas ay lalong mapanganib dahil ang mga ito ay karaniwang iniimbak at dinadala na may presyon. Mabilis silang lumalawak at gumagalaw sa hangin kapag pinakawalan. Marami, tulad ng hydrogen sulfide at carbon monoxide, ay hindi nakikita at may hindi mapagkakatiwalaan o walang mga katangian ng babala ng amoy.
- Ang mga operasyon sa pag-aangat ay mapanganib na trabaho. Sa ilang kumpanya at mga bansa, kinakailangan ang isang pormal na plano sa pag-aangat. Ang mga mahahalagang elemento ng naturang mga plano at mga kasanayan sa kaligtasan para sa mabibigat na pagbuhat sa mga lugar kung saan naroroon ang mga lubhang mapanganib na materyales ay sasakupin ng Beacon sa hinaharap.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Ang paghahanda para sa mga operasyon sa paghawak ng mga materyales na kinasasangkutan ng mga nakakalason na gas ay dapat palaging kasama kung ano ang gagawin kung may naganap na paglabas:
 - ✓ Palaging magkaroon ng kamalayan sa mga materyales na hinahawakan, kagamitang ginagamit, mga tao at paligid kung saan ka nagtatrabaho.
 - ✓ Basahin at intindihin ang mga babala sa mga etiketa, mga plakard at mga palatandaan kung saan iniimbak at ginagamit ang mga nakakalason na gas.
 - ✓ Manatiling malayo sa mga operasyon ng pag-aangat at bigyan ng babala ang iba pang mga tauhan na masyadong malapit upang lumayo.
 - ✓ Alamin kung saan pupunta at kung anong mga pamamaraan ang dapat sundin kung may pagkawala.
 - ✓ Umalis ka, huwag lumapit sa mga nakawalang nakalalasang gas maliban kung ikaw ay sinanay at may mga gamit bilang isang tagatugon sa emerhensya. Gumalaw salungat sa hangin at palayo sa landas ng pagpapakawala ng gas patungo sa mga aprubadong ligtas na kanlungan at mga lokasyon ng kanlungan-sa-lugar.
 - ✓ Magsuot, sinubok na tumpak at gumamit ng mga respirator, iba pang personal na kagamitan sa proteksiyon at madaling gamitin na mga detektor ng gas kung saan awtorisado, magagamit at angkop para sa kasalukuyang paglabas.

Ang pagkakalantad sa nakakalason na gas ay maaaring nakamamatay.

Gawin ang mga tamang aksyon upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iba pa.